

# *BLACK BLOOD*

COPYRIGHT © 2018
by Precious Pages Corporation

All rights reserved.
First printing of the first edition, 2018

Printed in Manila, Philippines

Written by Nald Tabuzo
Illustrated by Alvin Bragais

Precious Pages Content Group:

Publisher: Segundo Matias, Jr.
Managing Editor: Melanie Esguerra
Layout: Alvin Bragais and John Paulo Gregorio
Proofreader: Gloria Cipriano
Production Coordinator: Carlos Manalansan

Reproduction or usage of this work in whole or in part in any form by any electronic, mechanical, or other means, now known or hereinafter invented, including xerography, photocopying, and recording, or in any information storage or retrieval system, is forbidden without the permission from the publisher.

ISBN 978-621-03-0387-2

# Prologue

Juice. Iyon ang tawag nila sa akin.

Joshua Manansala ang buo kong pangalan at 'Josh' talaga ang nickname ko. Pero naging 'Juice' dahil mas bagay daw iyon sa akin. Juicy daw kasi ako.

Hindi sa akin nanggaling na malakas ang sex appeal ko. Sila ang nagsasabi. Hindi ako. At sa mga kaklase kong babae iyon nagsimula noong second year high school ako. Hindi sa nagyayabang pero napatunayan kong totoo iyon.

Lumaki ako na pinanggigigilan ng marami. Mapalalaki man o babae ay kinukurot ang pisngi ko. Ang pogi ko raw kasi. Aabangan kapag

nagbinata na. Mga karaniwang sinasabi iyon ng mga tao sa isang malaartistang bata. Ang tanong, nag-e-enjoy ba ako sa ganoong atensiyon?

Oo naman.

Masarap sa pakiramdam ang maging sikat o kilala kahit wala ka namang effort na ginagawa para mapunta sa ganoong lebel. Sapat na ang hitsura para bigyan ka ng atensiyon—espesyal na atensiyon.

Normal naman akong tao at gusto ko rin ang atensiyon ng iba. Pero kaunti lang ang masasabi kong kaibigan. Girls ang kadalasang mas unang lumalapit sa akin kaysa ako sa kanila. Sa kanila nanggagaling ang first move.

Mayabang ba ang pagkakasabi ko?

Feeling #GGSS?

Nope.

Normal lang akong lalaki. Mahirap tumanggi sa mga babaeng nagpapa-cute—lalo na kung may karapatang magpa-cute. Iyon, kaya hindi rin ako nahihirapan na makalapit sa kanila. Pero hindi ko sinasabi na napipilitan lang ako. Na pinagbibigyan ko lang sila.

I love girls.

I enjoy being with them.



Actually, dumating din ako sa point na mas gusto kong magbasa na lang ng babae kaysa libro. I mean, mas gusto kong pag-aralan ang kilos nila—style, ugali, pananaw... lahat. Bawat babaeng nakikilala ko ay magkakaiba sa maraming bagay. Parang characters sa books na nababasa ko. So, in some ways, ang pakikipagrelasyon ko sa mga girls—seryoso man o hindi—ay parang pagbabasa ko rin ng mga libro. May boring, may exciting, may halos ayaw ko nang bitawan, at mayroon ding gusto ko agad ipamigay sa unang paghawak ko pa lang.

Pero kung tatanungin ako kung sino ang babaeng pinakanaaalala ko, sasabihin kong si Ivy Rodriguez. Hindi lang dahil siya ang first kiss ko kundi dahil may kakaibang nangyari noon sa amin.

I was ten years old then. She was three years older than me. Anak siya ng kaibigan ni Mama. Bumisita sila noon ng mom niya sa bahay namin. Habang nasa sala at nagkukuwentuhan ang mga nanay namin ay pinuntahan ako ni Ivy sa kuwarto. Ang paalam niya sa mom niya, makikipaglaro lang sa akin. Okay lang sa parents namin iyon. Hindi sila nag-iisip ng malisya dahil sobrang bata pa namin—lalo na ako.

Ang hindi nila alam, ibang laro ang nasa isip

ni Ivy na gawin namin.

"Wala pa `kong first kiss. Dream ko talaga na ikaw ang first kiss ko, Josh."

Noon lang ako nakarinig ng dream na first kiss. Natuwa ako pero kinabahan din. At iyon ang malamang na napansin ni Ivy.

"Secret ko lang `yon. Sa `yo ko lang sinabi."

Inilapag ko ang librong binabasa sa tabi ng Coke ko. *The Princess Bride* by William Goldman. Hindi naman sa mahilig ako sa mala fairy-tale romance stories. Lahat ng klase ng genres ay sinusubukan ko. Naistorbo ako ni Ivy sa pagbabasa pero okay lang. Mas interesting naman siya.

Nag-smile ako sa kanya.

"Bakit ako ang dream first kiss mo?"

Nag-smile back si Ivy sa akin at tumitig pa.

"Kasi… Ang ganda kasi ng lips mo. Mapula kahit wala ka namang inilalagay. Parang malambot, parang masarap papakin at kagatin."

Walang arte ang pagkakasabi ni Ivy pero ang landi ng dating sa akin. Siguro dahil nagsisimula na rin akong ma-turn on. Nakapagtataka ba na kahit ten years old pa lang ako ay nakakaramdam na ako ng ganoon? Abnormal ba iyon?

"Nakakatakot ka naman."

Amused talaga ako sa kanya, hindi takot.

"Natatakot ka sa `kin? O sa kiss?"

"Bakit ako matatakot sa `yo? Lalong bakit ako matatakot sa kiss?"

"So, walang problema kung mag-kiss tayong dalawa?"

Wala naman talagang problema. Pero dahil first time ko, nandoon ang kaba. Excited ako at curious din. Ano nga ba? O paano nga ba ang pakiramdam ng humahalik? Ilang beses na akong nagpraktis ng paghalik sa palad. Na kunwari ay mayroon akong ka-lips to lips. Of course, hindi ko iyon aaminin kay Ivy. Baka isipin pa niya na manyak ako at matakot siya. Pero nagiging malikot na ang imagination ko. Single-lip kiss, French kiss. Lots of tongue action. Alam ko ang mga iyon dahil sa Internet. Matagal ko nang na-Google dahil curious ako—at gusto ko nga ring masubukan. Well, the right time had come!

Ramdam naman ni Ivy na gusto ko rin ang gusto niyang mangyari. Hindi na niya kailangang marinig ang sagot ko. Hinawakan niya ang pisngi ko para mas sakto ang tingin namin sa isa't isa.

Okay, it was now my turn to make a move. Binigyan na niya ako ng signal na umatake,

at kailangan kong paghusayan nang hindi ako mapahiya.

Attack!

Lumapit ako sa kanya nang bahagyang nakabuka ang lips at inilapat ang mga iyon sa lips ni Ivy. Hindi naging problema ang virgin lips ko. Actually, kahit walang experience, gamitin mo lang ang instinct mo at makakasabay ka na sa partner mo. Sa simula, marahan lang ang paghahalikan namin ni Ivy. Smooth lang. Parang pagpapak lang ng cotton candy. Pero nagulat ako. Hindi na lang ako nagpahalata na napansin kong mas naging aggressive si Ivy. Parang mabilis siyang na-bore at naghanap ng bagong thrill. Iyong mild ay naging wild! Kinakagat-kagat na kasi niya ang lips ko. At inilalabas-labas pa niya ang dila niya.

Panalo!

I closed my eyes. Ganoon ang kadalasang ginagawa ng mga napapanood ko sa pelikula. Pumipikit sila para… para siguro feel na feel. Nakigaya lang ako. Hindi ko pa alam ang kaibahan ng humahalik nang nakadilat sa nakapikit. Pero bigla ay bumaba ang excitement ko. Hindi ko pa alam, pero feeling ko ay gumaspang ang lips ni Ivy. Biglang naging sobrang dry. Pati ang mga kamay

niya na nakahawak sa akin ay naging rough din. Nawala ang init ko. Parang nabuhusan ako ng malamig na tubig.

Ano ang nangyayari?

Bakit biglang nagkaganoon ang mga labi at kamay ni Ivy? Hindi ako bumitiw sa pakikipaghalikan. Iniiwasan kong ma-turn off siya. Pero ako, deep inside, nawalan na ako ng gana. Dumilat ako at hindi ko na napigilang mapaatras. Sisigaw sana ako pero parang namanhid ang buong panga ko at nanigas ang dila. Mula sa mukha ay parang kuryenteng gumapang pababa sa katawan ko ang pangingilabot. Feeling ko, biglang naubos ang hemoglobin ko dahil ang putla-putla ko agad. Anemic ang dating.

Si Ivy… naging ano kasi siya!

Ewan kung ano ang tawag sa ganoon. Naging buhaghag ang buhok na bahagya pang nakaangat. Parang goose bumps sa ulo. Sobrang tuyot ng balat niya. Kulubot na at chapped pa. Psoriasis pa nga yata ang nasa leeg niya. May varicose veins sa magkabilang gilid ng kanyang mga mata. Kumapal at nangitim ang eye bags niya. Lumaki ang mga mata niya na parang luluwa na. Nakanganga siya at tumutulo pa ang laway na color brown. Kitang-

kita roon ang nagsisiksikan niyang mga pangil. Ang kakapal ng mga ugat niya sa braso, kamay at leeg. Humaba rin ang mga kuko niya. Para siyang biglang naging ninety years old na palaboy sa kalye.

Nope.

Actually, understated pa nga iyon.

Para kasing pinaghalong lolang witch at zombie ang hitsura niya.

Mukhang wala namang balak si Ivy na salakayin ako. Nakatabingi lang ang mukha niya, tumutulo ang laway at nakatutok sa akin ang mga mata niyang parang malalaglag na.

"Hoy. Ano'ng nangyayari sa `yo? May sakit ka ba? Namumutla ka."

Ilang ulit kong ipinikit at idinilat ang mga mata ko. Pretty na uli si Ivy. Maliban sa nagtataka, naiinis din siguro si Ivy sa akin dahil nabitin siya sa halikan namin. Alam ko, na-offend siya dahil parang biglang nandiri ako sa kanya kanina.

Nagkaroon ako ng hallucination at hindi ko alam kung bakit. First time ko iyon. Basag-trip lang dahil nangyari iyon habang first kissing lesson ko pa. Puwede namang sa ibang pagkakataon na lang. Kunwari, namamasyal lang ako sa mall. Nanonood ng TV. May binibili sa tindahan. Okay, move on na.

Yup, hindi naman iyon totoo.

I was trying to convince myself.

"Okay lang ako. Wala akong sakit. Sorry… ano kasi…"

Gusto kong bumawi kaya pumorma ako para halikan siya. "Take two tayo, Ivy." Mas mag-e-effort na lang ako this time.

Naka-smile si Ivy—pero sarcastic ang dating. Kitang-kita ang dissatisfaction sa mukha.

"Hindi mo naman yata ako type. Bye na. Hinahanap na siguro ako ni Mommy sa ibaba. Thanks for the kiss, anyway."

That was my first kiss.

Nope.

Hindi ko naging girlfriend si Ivy.

After Ivy, may iba pang mga babaeng dumating o dumaan sa buhay ko. Marami. Nagkakasabay-sabay pa sila minsan. At nag-aaway-away pa minsan. Karamihan sa kanila, sila ang nagbibigay ng initiative. Nakikipagkaibigan sila, nakikipagbiruan, nakikipagkulitan—sa Facebook, sa Twitter, sa text, o kahit sa personal man.

Dati, iniisip ko na "gift" ang maging pogi. Sino ba namang lalaki ang nangarap na maging pangit? Walang ganoon. Iyong iba nga, kaunting kapogian

lang ay masaya na. Ako kasi, kahit saang anggulo tingnan, pogi talaga. Again, walang halong yabang iyon, walang bola. Honest statement lang.

Pero dumating rin ako sa puntong ayoko nang maging pogi. Eighteen years old ako nang maisip ko iyon, kabi-birthday ko lang. Nakakapagod din palang magkaroon ng magandang mukha. May sawa factor din. Hindi na gift ang tingin ko sa kapogian ko—curse na. Iyong naging lolang pangit na kadiring zombie si Ivy, hindi lang pala hallucination. Premonition din. Para pala akong libro na pang-romance ang cover, pero horror naman ang nilalaman.

Mukha lang ang pogi.

Ang pagkatao, ewan.

# Chapter 1

May mga kakilala ako na pogi rin naman pero malamig ang girls sa kanila.

Well, sa simula, oo, nilalapitan sila ng mga babae. Pero dumarating agad ang time na bigla ay hindi na sila type ng girls. Well, isang point lang kasi ang hitsura dahil may tinatawag pa rin na "pogi points." Puwede rin naman kasing matawag na pogi kung gentleman, kung smart, kung generous, at lalo na kung matindi ang sense of humor. My point is, maraming paraan para maging pogi. Hindi lang iyon sa mukha nakikita. I would like to say na pogi ako sa maraming aspeto. I'm a reader. Kaya masasabi kong smart din ako. Hindi lang

way para makakuha ng knowledge ang pagbabasa, entertainment din. I'm not really a "joker type" pero marunong din akong magpatawa. Mas seryoso lang ako kaysa palabiro. So, sa pagiging pogi ay masasabi ko na complete package ako.

Well, tulad ng sabi ko, girls ang kadalasang unang nagpapakita ng motibo sa akin. Pero siyempre, kailangan ko ring gawin ang parte ko. Gumagastos ako, naglalaan ng oras para sa kanila, pinapatawa sila, sumasakay sa trip nila at nagpapauto rin minsan. Sa lahat ng ito, ang target kong ending ay maka-score sa kanila.

Ang sama ko ba?

Ayokong maging hypocrite. Lalaki lang ako. I want to make out with pretty girls. If it eventually goes all the way, di mas masaya. Iyon naman ang kadalasang habol naming mga lalaki. Actually, marami ring babae ang nakakaalam na nito. Kaya lang, marami pa ring girls ang handang sumugal, or say, adventurous. Para kasing yosi minsan ang lalaki. Nakaka-relax, pero sa huli ay makapagbibigay ng sakit sa puso.

First attempt to have sex? I was fifteen when it happened. Hindi ko na lang babanggitin ang name ng girl. Wait, itago na lang natin siya sa pangalang

Nini. Third year high school ako noon, fourth year siya.  Tinanong ako ni Nini kung puwede na ako na lang ang date niya sa JS Prom. Ayoko sanang um-attend ng JS. Although mahilig akong mag-sounds, hindi ko trip sumayaw.

Sa canteen kami nag-usap ni Nini. Niyaya niya akong magmeryenda, libre niya.

"I'm hurting right now, Juice. Brokenhearted ako. Kabe-break lang namin ng boyfriend ko. Niloko niya 'ko, Juice." Halata ang dejection sa mga mata ni Nini. Nagtatatag-tatagan lang siya.

Nilaro-laro ko ng tinidor ang spaghetti ko.

"Hmm… Gusto mo ng advice?"

Hindi nagbago ang tono ni Nini. Insistent pa rin.

"Hindi ko kailangan ng advice, Juice. Ikaw ang kailangan ko. Ikaw mismo."

Natawa ako nang mahina. Hindi kasi nagko-connect ang mga sinasabi niya. O masyadong abrupt ang huling hirit niya. Hindi ko masabi kung na-offend siya sa reaksiyon ko. Ininom ko muna ang Coke ko at baka sakaling mabura niyon ang sarcasm sa mukha ko.

Hindi kumukurap si Nini.

"Ayaw mo ba sa `kin?"

Okay sa akin ang mga straightforward. Less complicated kasing kausap ang mga ganoong tao. Iyon nga lang, nakakabigla talaga minsan lalo na at hindi ako inihanda sa revelation ni Nini.

Sumeryoso ako. Deretsa magsalita si Nini. Di dederetsahin ko rin siya.

"Alam mo, pretty ka, eh. Gusto kita dahil pretty ka. `Yon lang `yon."

"Hindi ako assuming na tao, Juice. Hindi ako naghihintay na magkaroon tayo ng love story—love story na mauuwi sa and they lived happily ever after. Simple lang. Gusto kita, at gusto mo rin naman pala ako. So, tayo na?"

"I'm not saying no, Nini. Nabibilisan lang ako sa mga pangyayari. Hindi ako maka-catch up. Kabe-break lang ninyo ng boyfriend mo, `tapos, gusto mo na maging tayo na agad?"

"Yes."

Hindi demanding si Nini, hindi rin suppliant, at lalong hindi flirt. Wala lang, kaswal lang siya.

"We have to clarify things first, Nini. Baka isipin mo na nagte-take advantage ako. Brokenhearted ka. You're weak at this point, vulnerable. Lahat ng atensiyon na kailangan mo para maka-move on, iga-grab mo. Nini, hindi ako ang lalaking kailangan

mo. Hindi kita mabibigyan ng isang seryosong relasyon."

"Ang arte mong kausap. Hindi naman ako humihingi sa `yo ng commitment. No strings attached. Open relationship. Tayo pero parang hindi rin. You'll be my boyfriend—unofficially. Actually, gusto ko lang namang ipakita sa ex-boyfriend ko na hindi niya ako nasaktan. Para hindi ako magmukhang tanga. May iba na agad siya. Di maghahanap din ako ng iba. Ikaw ang napili ko. Mas pogi ka sa kanya, mas bata pa. Out of the question ang love dito."

"Hindi ka natatakot? I mean, ang laki ng possibility na ma-in love ka sa `kin. Masasaktan ka lang din sa `kin, Nini."


Pikon na si ate, at nauunawaan ko siya. Siya na nga ang nanliligaw, nagpapakipot pa ako. Feeling niya siguro, ang pangit niya kaya siya iniwan ng boyfriend niya. `Tapos, parang inaayawan ko pa siya ngayon. It was like adding insult to injury.

"Ang arte talaga! Tatalon ako sa roofdeck kapag hindi ka pumayag! At least, hanggang nandito lang naman ang pain from my ex. Short-term lang. Hintayin mo lang na maka-move on ako. After that, ako na mismo ang lalayo."

Alam ko ng hindi tototohanin ni Nini ang pagpapakamatay. Anyway, fast forward: Partner ako ni Nini sa JS Prom. Ipinakilala niya ako sa friends niya bilang boyfriend. Sinakyan ko na lang. Malinaw naman sa usapan namin na boyfriend niya ako—unofficially. Ginawa ko ang mga dapat gawin bilang prom date. Sinamahan ko siya sa pag-stroll sa campus. Nakaangkla ang kamay niya sa braso ko—na parang sinasabi sa lahat na proud girlfriend ko siya. Naaawa ako sa kanya dahil na-hurt talaga siya sa dati niyang relasyon. Pero iyong awa, pangalawang dahilan na lang kaya ako nagpapanggap na boyfriend niya. The main reason was, gusto kong maka-score. Ano pa nga ba?

Sumayaw kami. Pinatugtog ang mga kanta nina Rihanna, Lil Wayne, Lady Gaga at iba pa. Masarap kasama si Nini. No boring moment with her. Ang galing niyang sumayaw. Tinuruan niya ako ng basic steps habang nasa dance floor kami. Ang saya! *Deadma* lang kahit makatama kami ng ibang sumasayaw.

Isang soft music ang sumunod na isinalang ng DJ. "Wish You Were Here" by Avril Lavigne. Kahit pinagpapawisan na kami ay dumikit pa rin sa akin si Nini. Hindi lang basta dikit, inilalapat



o idinidiin pa niya ang katawan sa akin. Hindi ko tuloy maramdaman ang music dahil nadi-distract ako sa boobs niya. Pero mas feel ko ang boobs niya kaysa sa music kaya sige lang.

Bahagyang nakatingala sa akin si Nini at medyo nakayuko naman ako sa kanya. Magkadikit ang mga ilong namin. A few millimeters lang ang agwat ng mga labi namin. Amoy-mint ang hininga niya. Parang humahaplos iyon sa pisngi ko na lalong nagpapainit sa pakiramdam ko. Actually, mas masarap ang dating niya ngayong pawisan na siya. Medyo magulo ang buhok. Bumabakat ang boobs dahil sa pawis. Whoo, ang hot! Walang sinasabi si Nini. Hindi rin ako nagsasalita. Pero ang mga tinginan namin at ikinikilos ay maraming sinasabi. Tinitigan ko muna siya nang ilang segundo bago ko ibinaba ang tingin sa mga labi niya. Lumunok ako na parang nauuhaw. Naunawaan iyon ni Nini. Bahagya niyang ibinuka ang bibig na parang pagbibigay ng pahintulot sa gusto kong mangyari—ang mahalikan siya. Pumikit siya. Bahagya pang umungol na parang naiinip na sa paglapat ng mga labi ko.

Oh, well… Let's go, sago!

Smooth lang ang paghalik ko pero ipinaramdam

ko kay Nini ang passion doon. Marahan lang. Slow-mo pero intense. May mga pagkakataong parang pinangangapusan ng hininga si Nini. It was normal, I know.  Magtataka ako kung hindi ko mararamdaman iyon kay Nini. Napahawak pa siya nang mahigpit sa batok ko. Kapit na kapit na parang gusto akong sabunutan. Gumagala na ang mga kamay ko sa likod at puwit niya. Walang problema sa kanya. Enjoy siya sa ginagawang exploration ng mga kamay ko.

Nakalimutan yata namin ni Nini na nasa dance floor kami. Bumitiw agad kami nang mapansin namin na pinagtitinginan at pinapalakpakan na kami ng mga tao. May mga nagsisigawan. May mga naglabas na ng cell phone para kunan kami. Nope, bigo silang ma-picture-an kami sa aktong naghahalikan.  Kumalas na kasi agad kami sa isa't isa at lumayo sa dance floor.

Tawa kami nang tawa ni Nini. Nakatambay kami sa gilid ng hallway. Pinagkukuwentuhan ang nangyari sa dance floor. Iyong feeling na gumawa ka ng kalokohan na nalusutan mo. Imagine, muntik na kaming ma-video scandal ni Nini. Pero saglit lang ang kasiyahan namin—lalo na ni Nini. Si ano kasi… si Wessel. Siya ang ex ni Nini. Dumaan si

Wessel kasama ang bago niyang girlfriend sa harap namin. Nasira ang gabi ni Nini. Hindi na kumibo. Pero parang kayang basagin sa isang suntok lang ang mukha ni Wessel. Hindi ganoon kapogi si Wessel, tama lang. Kaya siguro mas nanggigigil sa galit si Nini ay dahil mas maganda at mas sexy sa kanya ang ipinalit ni Wessel. Ang hindi kapogian ay nakakuha ng girlfriend na pang-beauty queen ang dating.

Halos bumaon ang mga kuko ni Nini sa paghawak sa braso ko habang nakatingin sa ex at sa bago niyang girlfriend.

"Umuwi na tayo, Juice. Wala na ko sa mood."

Hindi ako nagpahatak kay Nini.

"Akala ko ba, gusto mong ipakita sa ex mo na hindi ka nasaktan?"

Kung may halo man na sarcasm ang boses ko, hindi ko sinasadya. Medyo naiinis lang din kasi ako na pagkatapos kong pumayag na maging kami sa prom, magwo-walk out din agad kami. Medyo hurt din ang ego ko. Bale, hindi pala ako effective na mender ng broken heart. Iyon supposedly ang role ko kay Nini. Sayang naman ang pagiging pogi ko.

"Ano'ng nangyari? Nagpahalata ka pa na hurt ka pa rin."

Parang tinangay ni Wessel ang lahat ng sigla ni Nini.

"Babawi na lang ako sa `yo, Juice. For now, payagan mo na akong makauwi. Kahit huwag mo na akong ihatid. I'd be fine."

"Sinundo kita kaya ihahatid din kita. Aalis tayo pero hindi pa ngayon—later. Mahinahon ang tono ko pero ipinapakita ko ang authority. Ayoko lang sabihin sa kanya pero nabitin ako sa paghahalikan namin kanina. Iba si Nini—o ang paghalik niya mismo. Kung isa siyang performer sa stage, wala siyang ka-effort-effort pero napapalakpak ako sa husay niya. I wanted more.

"Gusto ko lang kasing umiyak, Juice…"

"Di umiyak ka. It's a free country. Kung hindi naman maeeskandalo ang ibang tao sa pag-iyak mo, di go… umiyak ka. Cry on my shoulder. Tamang-tama dahil panay ang shoulder workouts ko ngayon. Gamitin mo'ng balikat ko kahit one hour straight, hindi ako mangangalay."

Ang dami kong sarcasm. Pikon kasi talaga ako.

"Hindi ka nakakatawa, Manansala! Gusto ko na talagang umuwi para makaiyak ako—sa kuwarto ko."

"Sa kuwarto mo?"

"Oo. Hindi ako umiiyak sa kung saan-saan lang. Sa kuwarto ko lang."

"Ang alam ko, may namamahay sa pagtulog. Pero sa pag-iyak? Malay ko. Sa kuwarto mo lang talaga? Doon ka lang umiiyak?"

"Laging sa kuwarto ko lang. Nakasanayan ko na `yon since bata pa lang ako. Kapag kinagagalitan ako ng parents ko, hindi ako umiiyak sa harap nila—sa kuwarto lang. Kapag may nambu-bully sa `kin sa school, hindi lang ako kikibo. Kapag nakauwi na `ko at nasa kuwarto na, doon lang ako iiyak. Iyong bigat sa dibdib ay nandito lang. Nare-release ko lang siya kapag nasa kuwarto ko na ako. Naging habit ko na. Mahirap nang baguhin."

Hindi ko pa rin gets ang sinasabi ni Nini.

"Forty-five minutes, more or less, bago ka makauwi sa inyo. Kung emergency case `yan, you'd be too late. I mean, masyado nang OA kung iiyak ka forty-five minutes later. Ngayon na dapat. Ngayon mo nakita ang ex mo, eh."

"Hindi mo pa kasi ako kilala, Juice. Kahit two days na at hindi ako nakakaiyak sa room ko, hindi mawawala ang sakit."

"Hindi talaga puwede na palipasin mo na lang ang sama ng loob mo kaysa umuwi ka pa sa bahay

at doon umiyak?"

"Kilala ko na ang sarili ko. Puwede kong palipasin ang oras—isa, dalawang oras, o kahit buong maghapon pa—pero torture sa `kin ang mga oras na `yon. Sumasakit ang ulo ko. Mawawala lang talaga ang lahat ng ito kapag umiyak na ako."

"Ilang beses ka nang umiyak mula nang mag-break kayo ni… ng ex mo?"

"Tatlo."

"Kung iiyak ka mamaya, pang-apat na."

"Yes."

"Kapag nakita mo na naman siya bukas, iiyak ka na naman?"

"Hindi ko alam! Juice, hindi ko pinaplano ang pag-iyak ko. Kung nahe-hurt ako tuwing nakikita siya, hindi iyon naka-program. It just means, hindi pa ako nakaka-move on. Kaya nga kita kinuhang boyfriend para makalimutan siya. Ayoko na siyang iyakan. Pero at this moment… nasasaktan ako at gusto kong umiyak! Kaya gusto ko nang umuwi!"

Pinigil ko ang tumawa dahil siguradong maiinsulto siya. Sino ba naman ang hindi matatawa sa isang tao na namimili pa ng lugar ng pag-iiyakan? Ngumiti na lang ako—isang matamis na ngiti. Tinitigan ko rin siya at medyo pinungayan ng mga

mata. Gusto ko sanang mabawasan ang init ng ulo niya sa pamamagitan ng kapogian ko.

"Ihahatid na kita but on one condition," sabi ko.

Hindi gumanti ng ngiti si Nini pero nakakakita na ako ng kislap sa kanyang mga mata. In other words, nagtatagumpay ako na mabawasan kahit paano ang hindi magandang pakiramdam niya.

"Ano `yon?" tanong niya.

Lumapit ako nang hindi inaalis ang pagkakatitig sa kanya. Hinawakan ko siya sa kanang braso habang ang isa pang kamay ko ay nasa gilid ng leeg niya—pinagagapang ang mga daliri doon. Nagpaparamdam ako. Gusto kong gisingin ang sensuwalidad niya.

"Nabitin ako sa… sa halikan natin sa dance floor. Sana mas maging memorable sa `kin ang JS Prom na `to. Ayoko naman na tuwing maaalala ko ang event na ito, `yong pag-walk out natin agad ang maiisip ko."

Naunawaan naman ako ni Nini.

"Sige, saan tayo?"

Gusto kong maglululundag sa tuwa. Pero hinalikan ko na lang si Nini sa noo bilang pasasalamat sa pagbibigay niya sa akin. Dinala ko

siya sa library. Matagal nang sira ang lock doon. Hindi na naipagawa. Wala raw kasing budget. Isa pang dahilan, hindi na raw masyadong kailangan ng mga estudyante ang library. Mas umaasa na sila kay Google. Dinala ko si Nini sa reading area sa may mahabang mesa at pinaupo roon. Nakabukas ang jalousies sa likuran kaya hindi ganoon kainit sa loob. Madilim lang. At iyon naman talaga ang gusto namin.

Sa paghahalikan namin ni Nini, kapansin-pansin ang pagiging agresibo niya. Oo, nawala na ang inis niya. O siguro, masama pa rin ang loob niya at ibinubuhos lang niya iyon sa halik. Ako ang nagsisilbing outlet niya. At okay lang sa akin iyon. Ituturing ko na lang na kawanggawa ang pagpapaubaya ko sa kanya. She was wearing a knee-length dress with plunging neckline. Madaling nakapag-explore ang mga kamay ko sa iba't ibang parte ng kanyang katawan, lalo't hinahayaan lang niya iyon. Actually, may instances pa na ginagabayan niya ang mga kamay ko kung saan dapat pumunta.

Hindi lang ang mga labi ni Nini ang ibinibigay niya sa akin.

Kundi ang buong sarili.

Alam n'yo na iyon.

Enjoy na ako sa mga nangyayari at kung nagpatuloy kami malamang na masasabi ko na talaga na ito ang pinaka-memorable kong prom. Pero sa ibang paraan pala magiging memorable ang gabing ito.

Nang maramdaman ko na parang hindi na si Nini ang kahalikan ko ay nagtaka ako.

Bakit parang matanda na `tong si Nini?

Nagmulat agad ako ng mga mata, sabay layo ng sarili ko sa babaeng kanina lang ay kayakap ko.

Muntikan ko nang itulak palayo si Nini.

*Oo… tama si Nini nga*, sabi ko sa sarili habang kinikilala ang zombie na nasa harap ko.

"Nnnngggrrr… Jjjjrrr…?!"

Muntik na akong mapamura. Pero naisip ko na baka nagha-hallucinate na naman ako. Nangyari na kasi ito noong bata pa ako.

Kailangan ko lang gisingin ang sarili ko!

Umiling ako ng isang beses. Ng dalawa. Ng ikatlong beses. Pero lalong lumalala ang hitsura ni Nini. Naging matanda ang hitsura niya na parang naaagnas na.

Nang subukan ni Nini na hawakan ako, mabilis na akong kumilos. Itinulak ko siya at tumakbo nang

mabilis.

Nang magkita uli kami ni Nini ay matalim na ang tingin na ibinibigay niya sa akin at ayaw na rin akong kausapin. Naisip ko,  ayos lang kung ayaw niya akong pakinggan.

Ang plano ko lang naman sana ay humingi ng tawad dahil basta ko na lang siyang iniwan. Siguro iniisip niyang mas gago pa pala ako sa ex niya. Pero bukod doon, bukod sa paghingi ng tawad, wala na rin naman akong ibang sasabihin pa lalo na kung hihingan niya ako ng paliwanag sa isang pangyayari na hindi ko sigurado kung totoo ba talagang nangyari.

Kung sasabihin ko naman na nag-hallucinate ako, ano ang sasabihin kong pinagmumulan niyon?

Baka isipin pa niya na nababaliw na ako.

Haist.

Ewan.

# Chapter 2

After Nini, marami pa akong nai-date na babae…

Mas maraming oras na kasi ang nagugugol ko sa pakikipag-date pagkatapos kong mag-high school. May mga pagkakataon na ako ang gumagawa ng first move.

Maitatanong siguro, nagkaroon ba ako ng seryosong relasyon?

Apat na babae ang niligawan ko talaga. Kinulit ko sa text, sa FB. Pinuntahan ko sa classroom, hinatid-sundo sa school. Niyaya kong manood ng sine, binili ko ng damit, ng flowers. Sa kanilang apat ay sinubukan kong magpakadisente, at least, sa atake ng panliligaw. I mean, hindi ko sila binastos

o binatuhan ng green jokes. Disente rin kasi ang dating nila—sa kilos, sa pananalita, sa ugali, sa lahat. Hindi cool kung ipapakita ko ang maangas o super confident na side ko sa kanila. Hindi iyon kaplastikan, normal lang. Parang ganito, kung papasok ka sa ibang bahay, dapat lang na maging behave ka at huwag kumilos na parang ikaw ang may-ari. Pero kung ka-close mo ang may-ari, kahit paano ay relaxed ang galaw mo. Hindi na nakakahiya kung magbukas ka man ng ref. Ganoon din ang pakikitungo sa isang girl na kakikilala mo pa lang. Nakakabasag-trip kung feeling close agad. There are some steps going to comfort levels in any relationship. Pero kung sa babae na mismo manggagaling ang motibo, ibang usapan na iyon. Wala na iyong steps-steps. Kapag ganoon, parang sinasabihan ka na ng may-ari ng bahay ng, "Feel at home."

Isa si Ella Guinto sa apat na babaeng niligawan ko. Naging girlfriend ko siya tatlong buwan bago ako mag-eighteen. Second year college ako noon. And I was taking up B.S. Nursing. Bakit iyon ang course ko? Well, medyo deep at weird ang dahilan—at kadalasan ay hindi naiintindihan ng napagkukuwentuhan ko.


Dream ko talagang magtrabaho sa ospital. Malabong pangarap na maging doktor ako. Mas malinaw o mas madaling abutin ang maging nurse, ito muna ang target ko. Iyong reasons ko? Well, fascinated ako sa pagsilang at kamatayan ng tao. Maraming beses na akong nanood ng mga ina na nagsisilang ng sanggol. Ginagawa ko iyon sa gabi tuwing inaantok na ako sa kakaaral at paggawa ng assignments. Hindi ko ma-explain nang eksakto ang nararamdaman ko tuwing makakakita ng video ng baby na lumalabas sa nanay niya. Nabubuhay ang dugo ko. Parang mahihinang tapik iyon sa pisngi ko na gumigising sa diwa ko. Lalo na kapag narinig ko na ang pag-iyak ng sanggol. Wow. Parang iyong pakiramdam na muntik ka nang masagasaan ng sasakyan at nagpapasalamat ka na nakaligtas ka. Something like that.

Marami ring videos sa Internet na nagpapakita ng last seconds ng mga taong mamamatay na. Nakaka-relax sa akin ang mga ganoong videos. Minsan ay two minutes lang ang video pero pakiramdam ko ay dalawang oras na akong nakatutok sa pinapanood ko. Parang bumabagal ang oras pero hindi naman ako naiinip. Actually, naaaliw pa nga ako. Iyong parang nakaupo ka

sa harap ng isang aquarium at pinapanood ang paglangoy ng makukulay na isda. Kahit alam mong naka-confine lang sila roon at halos kabisado mo naman na ang bawat galaw nila, tututukan mo pa rin ng tingin. Nakakaalis ng pagod. Stress-reliever. Hindi nalalayo sa ganoon ang epekto sa akin ng videos ng mga taong naghihingalo hanggang sa bawian ng buhay.

Kung saan ko nakuha ang kakaibang interes sa kapanganakan at kamatayan ng tao ay hindi ko alam. Siguro, nasa pagkatao ko na iyon mula pa nang ipanganak ako. Nasa DNA ko na. Hindi ko lang binibigyan ng pansin noong una. Sa movies, kapag may eksenang nagluluwal ng sanggol at namamatay ay nae-excite din ako. Kinakabahan ako pero nag-e-enjoy rin.

Naalala ko tuloy ang pakiramdam noong una akong sumakay ng eroplano, lalo na nang mag-take off na. Nakaka-tense ang pag-angat ng eroplano pero masarap din. Parang ganoon ang feeling. Anyway, iniisip ko lang noon na magaling lang ang direktor at mga artista ng pelikula kaya nadadala ako sa eksena. Bago mag-college, noon ko na-realize na may kakaiba talagang hatak sa akin ang pagsilang at kamatayan ng tao. Nakakapanood



na kasi ako noon ng mga aktuwal na eksena sa YouTube at iba pang sites. Kaya nga, matagal na akong nag-decide na sa ospital ako magtatrabaho pagdating ng araw. Sa ospital, siguradong makikita ko up close ang mga iniluluwal na sanggol at mga taong naghihingalo hanggang sa bawian ng buhay. Hindi pa ako nakasaksi ng aktuwal na panganganak pero iyong mga huling sandali bago tuluyang mamatay ang tao, oo.

I was in fourth year high school when it happened.

Nakasakay ako sa jeep noon sa bandang likuran ng driver at pauwi na galing ng school. Parang isang ordinaryong hapon lang iyon. Rush hour. Pagod na ang karamihan ng mga pasahero dahil galing sa trabaho, o eskuwela. At dagdag pa ang nakakainis na traffic, usok at init ng panahon. Biglang nagdeklara ng holdup ang lalaking nasa harap ko. May baril. Sinabihan niya ang driver na magpatuloy lang sa pagmamaneho na kunwari ay walang kakaibang nangyayari sa loob ng jeep. May isa pang kasama ang holdaper—nasa may entrance ng jeep na lanseta naman ang hawak. Biglang kumilos iyong lalaking katabi ng holdaper na nasa harap ko. Inipit niya ang holdaper at

sinubukang agawin ang baril. Nagsigawan ang ibang mga pasahero sa takot. Baka nga naman biglang pumutok ang baril at matamaan sila.

Bang!

Iyon na nga. Sapol sa tiyan ang lalaking nagpakabayani. Bumagsak agad siya sa sahig. Dali-daling inihinto ng driver ang jeep at tumakbo palayo sa jeep. Kanya-kanya ring takas ang ibang mga pasahero ng jeep. Sa katarantahan, nagmadaling umalis na rin ng jeep ang dalawang holdaper. Ako lang ang naiwan sa loob kasama ang biktima. Marami na akong nakita noon sa YouTube na mga video ng mga taong mamamatay na. At ng mga tao na akala ay mamamatay na pero makakabawi pa at magpapatuloy pa ang buhay. Iyong lalaking kaharap ko, sigurado ako na hindi siya makakaligtas. Nakikita ko iyon sa mga mata niya. May something sa mga mata ng taong mamamatay na. Ang hirap i-explain. Kaya nga, may something na lang.

Nakatingin sa akin ang lalaking nabaril na parang may gustong sabihin. Baka humihingi siya ng tulong sa akin o may ibibilin. Pero hindi na siya makapagsalita pa. Bumubuka-buka lang ang bibig niya pero walang boses na lumalabas. Tumutulo

ang dugo sa bibig niya. Nakadilat siya na parang pilit na nilalabanan ang antok. Kahit kaunting sigla sa mga mata niya ay wala na. Nag-fade din ang kulay ng mukha niya.

Dahan-dahang umangat ang kamay ko palapit sa kanya… sa kamay niya. May nabasa ako na makakagaan sa pakiramdam ng taong mamamatay na ang paghawak sa kanyang kamay. Hindi naman mahirap intindihin iyon. Kapag may sakit ang isang mahal natin sa buhay ay ginagawa rin natin iyon sa kanila. At totoong nakakapagpakalma iyon kalooban. Ganoon din daw ang epekto niyon sa mamamatay na. May nakilala akong may sakit na matanda dati na ang kahilingan ay huwag bitiwan ang kamay niya ng mga anak niya at asawa hanggang bawian siya ng buhay. Parang paghahatid kasi iyon sa kabilang buhay. Bago siya umalis sa mundo ay nadama niya sa huling pagkakataon ang init ng mga palad ng mga mahal sa buhay.

Marahang dumampi ang kamay ko sa likod ng palad ng biktima at hinaplos-haplos iyon. Nakatingin lang ako sa kanya at nakatutok din ang mga mata niya sa akin. Kahit isang simpleng bagay lang ang ginagawa ko, nararamdaman ko ang tuwa at pasasalamat niya sa akin. Sa huling pagkakataon,

alam niyang may dumamay sa kanya. Umangat ang dibdib niya na parang may bumabara sa lalamunan niya at nahihirapan siyang huminga.

Hindi ko binitiwan ang kamay niya.

"Kaya mo `yan. Huwag kang kabahan. We all go there. Una-una lang `yan. Huwag mong labanan para hindi ka mahirapan. Kalma lang. Isipin mo lang na isa kang dahon na tinatangay ng agos. Hayaan mo lang… magpatangay ka lang."

Creepy.

Pero happy ako sa ginagawa ko. Feeling ko, nakapagbigay ako ng tulong sa isang nangangailangan. Kung maibi-video ang eksenang iyon at maipo-post sa Facebook, siguradong uulanin ako ng bashers. Mas dapat na isinugod ko siya sa ospital. Pero sa tingin ko talaga ay hindi na tatagal pa ng tatlo o limang minuto pa ang buhay niya. Aalalayan ko na lang siya patungo sa kamatayan niya. Pahina na nang pahina ang paghinga ng lalaki. Napapangiwi siya, napapaungol. Parang may malamig na hangin na dumaan sa mukha ko habang pinanonood siya. Nakakagaan sa pakiramdam ko.

Ang sama ko! Pero ano ang magagawa ko para labanan ang fascination—o bisyo—na

ito? Besides, watching a man dying couldn't be considered a crime. Hindi ko siya inagrabyado.

Isang malakas na ungol ang binitiwan ng lalaki. Umangat nang kaunti ang dibdib niya at nang bumaba iyon… iyon na! Huling hinga na niya iyon.

May mga taong dumating para mag-usyoso at makialam. May mga umalalay sa akin sa pagbaba ko ng jeep. Masyado raw akong na-shock kaya hindi nakakilos agad. May nagbigay agad sa akin ng tubig para mahimasmasan ako. At may ilan na naawa rin sa akin.

# Chapter 3

Bago pa lang kami ni Ella nang aminin ko sa kanya ang pangunahing dahilan kaya Nursing ang kinuha kong course.

Nasa Starbucks kami noon. Feeling ko, humahanap lang siya ng magandang timing para magpaalam. Parang nawalan agad siya ng gana sa frappuccino niya. Tinitingnan niya ako na parang hindi niya ako kilala. Hindi ko alam kung pangingilabot ang nakarehistro sa mga mata niya. O, curiosity lang? Ang eerie kasi ng dating ko. Hindi mo mababakas na may ganoong appeal sa akin ang pagsilang at kamatayan ng tao.

"Talaga? Ibang klase ka. Who would've

thought na weird ka?"

Amused sa akin si Ella na para bang painting ako ni Picasso kung tingnan niya. Fine Arts ang course ni Ella, at si Picasso ang favorite artist niya. Hindi pala pangingilabot sa akin ang nasa mukha niya kanina—atraksiyon.

"Natakot ka ba? Hindi ka ba na-disillusion sa `kin?"

"Ano ka ba? Nawe-weird-an lang ako, ganoon lang. Trip mo `yan. May kanya-kanyang trip ang mga tao. Ako nga, nilalagyan ko ng kaunting catsup ang pansit bihon. Ganoon ako. Hindi normal `yon. Pero, bakit ba?"

"Hindi naman ganoon ka-disturbing `yon."

"Kahit pa. Naaalala mo ba no'ng una mo `kong makita?"

"Remarkable sa `kin `yon."

Eighteen days ago. Friday. 9:16 AM. Final exams day.

Umakyat ako sa roof deck ng school building. Mas okay sa akin ang mag-review doon. Mahangin, tahimik at walang tambay. Pero hindi ko pala solo ang lugar. May ibang naroon na—isang babae. Long-haired. Maganda ang curve ng katawan. Nakatayo siya sa parapet, nakatalikod sa akin kaya

hindi ko agad nakita ang mukha niya. Iginagala niya ang tingin niya sa ibaba. Ano ba'ng meron doon? Mga taong dumaraan. Mga kotseng naiipit sa traffic. Mga nagkakape sa outdoor patios ng coffee shop. Mga tambay. At kung ano-ano pa. Hindi agad ako napansin ng babae. Iniisip kaya niya kung ilang segundo ang aabutin bago siya lumagapak sa semento? Kinabahan ako. Iyon agad ang unang naisip ko na gagawin niya—ang magpakamatay!

Humakbang ako palapit sa kanya na may conscious effort na huwag niyang mapansin. Hinawakan kong bigla ang kamay niya at hinatak siya pabalik! Ang lakas ng tili niya. Bumagsak kami pareho sa flooring. Napahiga ako at yakap-yakap ko siya. Sinadya kong huwag muna siyang bitiwan. Isang dahilan ay para mapigilan ang pagwawala niya—kung sakali. May suicidal tendencies siya. So, hindi kataka-taka kung may violent inclinations din siya.

Pero sandaling nawala sa isip ko ang magandang hangarin ko. Naramdaman ko ang katawan niya. Nahawakan ko pa nang kaunti ang boobs niya. Wala akong intensiyon na mag-take advantage sa kanya. Hindi ko sinasadya na biglang

dumating sa akin ang malisya. Ang fresh kasi ng amoy niya. Ang lambot ng katawan.

Thug!

Nawalang bigla ang sexual fantasy ko. Siniko kasi niya ako sa panga. Pang-MMA move. Nagawa niya iyon habang nasa ibabaw ko siya, at yakap-yakap ko siya. Ang bilis ng pagtayo niya. Pinagpag niya ang braso na parang nandidiri sa akin.

Asar siyang nagsalita.

"Bakit mo `ko pinakialaman?"

Tumayo rin agad ako at nagpaliwanag.

"Miss, kahit gaano pa kabigat ang pinagdadaanan mo, hindi solusyon ang gagawin mo. Mag-usap tayo. Tutulungan kitang ma-solve ang problema mo."

"Ano ba'ng sinasabi mo? Tadyakan pa kita, gusto mo?"

"War freak ka naman. Nagmamagandang-loob lang ako. Tatalon ka kaya hinatak kita."

"Sino'ng may sabing tatalon ako? Adik ka ba?"

"Ano pala ang ginagawa mo? Bakit nasa `taas ka kanina?"

"Nagpapahangin."

Ang take ko, nagbibiro lang siya.

"Sobrang extreme ng pagpapahangin mo.

Hindi ka na lang sa ibaba para safe."

"Okay. Ang totoo, hindi talaga ako nagpapahangin lang. May mga rason ako kaya ako tumayo sa itaas kanina."

Ang weird ng babae. Para akong nakatingin sa malaking puzzle na ang hirap i-solve.

"Ano'ng mga rason mo?" tanong ko.

"Close ba tayo para mag-share ako sa `yo?"

Supalpal ako. Nagpakilala ako. Nag-offer ng handshake. Pero tiningnan lang niya ang kamay ko na nakabitin sa ere. Iyon lang at umalis na siya ng roof deck.

Hindi ako nainis sa kanya. Naaliw ako sa style niya. Sinundan ko siya ng tingin hanggang paglabas niya ng roof deck. Napukaw niya ang atensiyon ko. Isang challenge ang tingin ko sa kanya. Siya pa lang yata ang babaeng na-meet ko na tinanggihan ang pagpapakilala ko. Iyong karamihan, sila pa ang lumalapit at humihingi ng number ko. Iba siya. Cute siya. Parang sa manika ang mga mata. Boyish. Suplada. Harsh. Pero alam kong girl na girl pa rin siya. Halata iyon sa manner ng pagtitig niya, sa galaw ng lips, sa paglakad at sa iba pang nuance ng kilos niya. Kahit hindi siya ang friendly type, lakas pa rin ng charm niya sa akin. Parang masarap

na pagkain na mahirap hanapin—siya iyon.

Isang araw, matitikman din kita, sabi ko sa sarili ko.

Kinagabihan, nalaman ko sa isang common friend ang pangalan niya: Ella Guinto.

Bago ko niligawan si Ella, nakakita na ako ng signs in favor sa akin. Pasekreto niya akong hinahabol ng tingin. Genuine na ang smile niya. Sumasakay na siya sa joke ko. Masama lang talaga ang araw niya noong nasa roof deck siya. May problema siya. Naghiwalay raw ang parents niya. Hindi na siya masusustentuhan ng tatay niya. Pinauuwi siya sa Naga sa next semester dahil stop muna siya sa pag-aaral.

Anyway, nang mga sumunod na araw ay maganda na ang mood ni Ella kaya nakikipag-usap na siya sa akin nang maayos. May pagka-harsh pa rin siya minsan. Pero that time, medyo nagpapa-sweet na rin siya. Alam ko na agad na hindi ako mahihirapang pasagutin siya.

Tatlong sunod-sunod na araw na binigyan ko si Ella ng espesyal na atensiyon—text messages, calls, chocolates, flowers, likes on her Facebook posts. Ipinakita ko talaga sa kanya na seryoso ako. Nang sunduin ko siya kinabukasan, binigyan niya

ako ng dalawang donut. Na ang ibig sabihin pala ay 'oo.' Sinasagot na niya ako. Ang corny, pero aliw naman. Ayoko ng donuts pero dahil ang saya-saya ko, inubos ko ang dalawang bigay niya. Ikinuwento na rin niya sa akin nang araw na iyon kung ano ang ginagawa niya sa roof deck noong una kaming magkita doon.

"Paraan ko `yon ng pag-release ng stress, Juice. Kapag stressed ako o depressed… may problema o iniisip… naghahanap talaga ako ng mataas na lugar. Sa roof deck ako madalas nagpupunta. Hindi lang sa roof deck ng school—sa condo ng pinsan ko, sa office ng tiyuhin ko, sa iba't ibang buildings."

"Mas easy kung manonood ka na lang ng sine. Mag-mall ka. Mag-gym. That's what normal people do when stressed."

"Siguro nga… hindi ako kasama sa normal people. Sa matataas na lugar kasi ako nakakatagpo ng kapayapaan, lalo na kung nag-iisa lang ako. Patingin-tingin lang ako sa ibaba. Mga taong naglalakad. Mga sasakyang umaandar. Nakakawala iyon ng pagod ko. Mas nakakaisip ako ng dapat gawin. Mas lumilinaw ang isip ko. Mas nakikita ko ang mga dapat na baguhin… sa sarili ko, sa diskarte

ko, sa maraming bagay."

"That's… deep," sabi ko na lang.

"Deep na ba agad `yon?"

"Hindi ba?"

"Siguro dahil artist lang ako, Juice. Gusto kong makita ang mga bagay mula sa iba't ibang perspectives. Ang lalim nga, `no?"

So, iyon nga… medyo weird din si Ella pero ibang level naman. Anyway, the point was, hindi niya nakikitang problema ang pambihirang fascination ko sa birth and death. Parang isang abstract painting daw ako—maraming hindi nakakaintindi pero okay sa kanya. Appreciated niya. Lalo tuloy akong na-attract sa kanya. Ang sarap niyang kasama. Para siyang libro na napaka-interesting. Iyong hindi mo mabitiwan ang kuwento, at hanggang sa pagtulog ay laman ng isip mo.

"Iba ka talaga, Ella. Kaya love kita. Sobra. Seryoso."

Totoo iyon. Pero kung bola ang magiging dating niyon kay Ella, mauunawaan ko. Nakapag-tanong-tanong na si Ella tungkol sa akin at base raw sa mga impormasyong nakuha niya, isa ang pambobola sa talents ko. Biro lang niya iyon—pero

birong may katotohanan.

"Masarap pakinggan... at naniniwala naman ako sa `yo, Juice. Kaya lang, mas naniniwala ako sa action speaks louder than words."

"Hindi ko ba naipapakita sa `yo na love kita?"

"Nandoon naman. Thoughtful ka naman. Madalas mo lang ipilit sa `kin ang isang bagay na ayaw ko—ayoko pa."

"Sex?"

Iyon agad ang nasa isip ko.

"May iba pa ba? Doon ka nasisira sa `kin. Kapag napupunta na tayo sa ganoong usapan, parang… ano ba… nasusukat ba kung gaano kaseryoso ang relationship sa ganoon lang?"

"Agree naman ako. Hindi dapat gawing basehan ang sex sa sincerity ng partner. But it adds flavor din kasi sa relationship. Alam mo `yong gano'n?"

"`Oy, huwag ipagpilitan. Marami namang paraan para mas magkaroon ng flavor ang isang relasyon, Juice. Itong bonding natin sa bundok, isang way ito. Nag-effort ako para mangyari ito."

"Na-appreciate ko naman `yon."

Firm si Ella sa bagay na iyon. Ayaw niya sa premarital sex. Okay sa kanya ang kissing, fondling.

Pero huwag lang ang bagay na iyon na nagsisimula rin sa letter 'F.'

Actually, hindi ko pa nga siya nariringgan ng salitang 'fuck.' Ganoon siya ka-aloof sa temang ito. Parang sa baseball game na makaka-first at second base lang ako. Bawal ang home run. Isang dahilan iyon kaya lalo akong nanggigigil sa kanya. Nanggigigil pero nandoon ang respeto. Kahit naman bumigay siya sa akin ay hindi mababawasan ang respeto ko sa kanya. Anyway, naniniwala pa rin ako na kaya kong kunin si Ella—nang walang kasal. Sa edad kong ito, malayo pa iyon sa isip ko—iyong marriage. Gusto ko si Ella. Mahal ko siya. Pero hindi pa iyon umaabot sa, 'Will you marry me' point. Diskarte lang at tamang pagkakataon, bibigay rin siya sa akin.

Iyong right timing, ito na iyon. Ang lakas ng gut feel ko. Wala nang mas right timing pa sa ngayon. Nasa Mount Batulao kami—sa isang patag na area na tamang-tama para mag-camp overnight. Naka-setup na lahat ng gamit namin. Nakahanda na ang tulugan namin. Pero lumabas muna kami at umupo sa damuhan para i-enjoy ang magandang view at lamig ng panahon. Sa aming dalawa, si Ella ang talagang mountaineer. Marami-rami na siyang

naakyat na bundok sa Pilipinas. Actually, ito ang first climb ko. Niyaya ako ni Ella. Dito raw kami mag-celebrate ng birthday ko—my eighteenth birthday.

May mga kaibigan ako na nagyayayang gumimik kami. Tinanggihan ko sila para pagbigyan ang request ni Ella.  Kaya nga nasabi ko na ibang klase si Ella. Naisip niya ang ganitong selebrasyon ng birthday ko. Ang saya lang. Nasa bundok kami. Ang lamig. Doble na ang jacket namin pero nanunuot pa rin ang lamig. Romantic talaga ang ambiance. Tipong puwedeng puntahan ng mga taong hindi pa nai-in love. Malaki ang maitutulong ng paligid para tablan ng kilig ang kanilang mga katawan.

Iyon nga, dito sa bundok namin sasalubungin ang birthday ko. A few minutes from now, midnight na.  Birthday ko na. Exciting, `di ba? May dala kaming kuwitis at magpapaputok ako mamaya. Sana nga, hindi hanggang kuwitis lang ang mapaputok ko. #feelingpositive talaga ako. Well, let's see kung saan hahantong ang gabing ito…

Hinimas-himas ko ang likod ni Ella. Marahan lang ang hagod ko, halos dulo lang ng mga daliri

ang nakalapat. Nagpaparamdam ako.

"Matulog na tayo," yaya ko.

"Alam ko ang tingin na `yan. Alam ko ang ngiting `yan, Juice. Ay, huwag kang makaano sa `kin. Walang mangyayari sa `tin. Birthday celebration lang `to."

"Ang defensive mo naman."

"Sigurista lang. Mabuti na `yong malinaw ang usapan."

Parang nakakalimutan ko kay Ella na pogi ako. Ayaw gumana ng charm ko. Parang cell phone ko dito sa bundok—walang signal.

"Hatinggabi na. Matulog na tayo," yaya ko uli.

"Magse-celebrate nga, `di ba? Puwedeng magpuyat. Ano? Sasalubungin natin ang birthday mo na tulog tayo? Kunin mo na ang wine. Puwede na tayong mag-shot. Ten minutes before twelve na, o."

"Mamaya na. Kunin ko na muna ang birthday kiss mo. I'll get the wine after."

"Hindi makapaghintay."

Kinabig ko si Ella para mas dumikit siya sa akin. Alam kong kaunti lang ang maitutulong niyon laban sa lamig. It was the intention that counted. Ayoko siyang lamigin. Tumitig ako sa kanya.

Ngumiti ako nang kaunti. Hinaplos ko ang buhok niya. Pinisil nang marahan ang tainga niya. I was trying to flirt with her, seduce her. Deep inside, naiinis ako dahil ang tagal niyang tablan. Iyong ibang babae, tingin at ngiti lang ang puhunan ko ay nakaka-date ko na. Iba si Ella. Anyway, sa wakas, nakita ko rin ang signs na open siya for flirting. Tumititig na siya sa akin at ngumingiti. Iyong tingin at ngiti na parang nagsasabing, "I want you."

Inaalis din niya agad ang pagkakatitig at pagngiti sa akin. Ayaw niyang magpahalata. Kabisado na niya kung paano magparamdam na parang wala lang. Nasa subtle level lang lahat ng moves niya. Kung hindi ka sharp, hindi mo ito mapapansin. Hinaplos-haplos ko ang binti ni Ella. Hindi niya tinanggal ang kamay ko. It was a strong indication she was willing to make out. The ultimate cue!

Papalapit pa lang ako para halikan siya ay napapikit na siya. Tinarget ko muna ang corner ng lips niya. Tender lang. Inulit ko ang paghalik sa corner ng lips niya. Mas tender ngayon. Na-ignite ko na siya, ramdam ko. In heat na siya. Ang intensiyon ko ay bitinin siya. Iyong iparamdam niya sa akin na kulang ang ginagawa ko. Bahagya

niyang ibinuka ang lips niya. Iyon na.

Yep, gusto niyang magpunta na ako sa mismong lips niya. See? I knew the nonverbal science of flirting. Sa mismong mga labi na niya ako nagtrabaho. Three months ko nang girlfriend si Ella pero ngayon ko lang siya hahalikan nang sobra. Pero alam kong ayaw niya na para akong gutom. Iyong halos kagatin ko na ang lips niya at parang may sound effects pa. Smooth lang dapat ang atake. Suwabe lang. Okay lang din ang lumabas ang dila pero marahan lang din ang hagod. Parang brush sa canvas. Artist ang girlfriend ko. At mukhang pati ang paghahalikan namin ay kinakailangang may art. Hindi siya dumidilat. Panay ang ungol niya. Bawat hawak niya sa braso at batok ko ay may kasamang pisil.

Gumapang na ang kamay ko sa private parts niya. Parang natatauhan na siya at ayaw na niya. Hindi bale, baka sa pagkakataong ito ay bumigay na siya. Birthday ko naman. Baka suwertihin ako ngayon.

Ipinagpatuloy ko ang paghalik sa kanya. Pero may biglang kakaibang nangyari kay Ella. Gumaspang ang lips ni Ella. Biglang sobrang dry din ng balat niya. May mga bitak pa. Napabitiw

ako sa kanya para pagmasdan siya. At nagulat ako sa aking nakita.

Naging buhaghag na parang ilang linggo nang hindi nasha-shampoo ang buhok niya. Ang itim ng eye bags niya. Ang laki ng mga mata niya na parang malalaglag na. Ang dami niyang varicose veins sa mukha. Humaba rin ang mga kuko niya. Ang dami rin niyang pangil. Nagmukha siyang matanda at mukhang bangkay na umahon lang sa ataul.

Bigla ay naalala ko ang mga ganitong pangyayari sa buhay ko. Naging ganito rin sina Ivy at Nini sa paningin ko habang naghahalikan kami. Pero ilusyon lang iyon. Hindi totoo.

Oo nga, ilusyon lang din ito!

Ipinagpipilitan ko sa sarili na hindi totoo ang nakikita ko. Pero para naman akong sira-ulo kung sasakyan ko ang parang pambobola ko sa sarili. Nahawakan ko si Ella. Naamoy. Sure ako—naging halimaw siya.

Hysterical agad si Ella.

"Ano'ng nangyayari sa `kin? Ang kamay ko! Ang balat ko!…"

Tumayo agad ako. Hinimas-himas ko ang braso ko na parang mapapatay niyon ang pangingilabot ko. Gusto kong tumakbo, tumakas, kaya lang ay



mas nangibabaw ang hiya ko. Hinahanap ko ang sinasabi ko kaninang mahal ko si Ella. Parang wala na agad iyon. Ganoon lang ba kababaw ang feelings ko sa kanya?

"Ano'ng ginawa mo sa `kin, Juice? Bakit ako nagkaganito?"

"W-Wala… Hindi ko alam… Ewan…"

Paulit-ulit ang malulutong na "Fuck!" at "PI" ni Ella. First time kong marinig ang pagmumura niya. Nagsasalita pa si Ella pero papalabo na nang papalabo iyon. Hindi na malinaw ang mga sinasabi niya. Dumating sa point na parang ungol ng aso na ang lumalabas sa bibig niya.

Goose bumps!

Gusto kong umiyak sa takot. Feeling ko, isa akong bata na naghahanap ng yakap ng ina. Hindi ko alam kung ano ang itatawag sa naging hitsura ni Ella. Pero ganitong-ganito rin talaga ang nakita kong hitsura noon nina Ivy at ni Nini.

Pero iba ngayon dahil mas matagal ko itong nakikita. Humakbang si Ella palapit sa akin. Nakatuwid ang mga kamay niya na parang gusto akong yakapin o baka sakalin. Parang slow-mo, mabagal lang ang galaw niya na karaniwang deskripsiyon ng isang zombie sa mga pelikula.

Malapit na si Ella.

Umatras ako.

Tumulo ang laway ni Ella na kulay-brown.

Nakapaling ang mukha niya habang nakatingin sa akin. Parang mababali ang leeg niya. Lumagutok ang mga buto niya sa leeg. Pumihit ang kanyang mukha. Umangat ang ulo niya at muling humarap sa akin.

Hindi ko na kaya!

Takbo na!



# Chapter 4

Iyon na yata ang pinakamabilis na takbo na nagawa ko sa buong buhay ko.

Nakalayo agad ako kay Ella. Nasa eighty meters na ang pagitan namin nang huminto ako. Parang sasabog na ang mga baga ko. Wala akong practice sa takbuhan.

Nilingon ko si Ella. Natigilan ako. Kahit paano, nabawasan ang pag-aalala ko sa kanya. Ang lakas pa rin ng heartbeat ko.

Thumb-thrum… Thumb-thrum…

Pero nang balikan ko si Ella dala ng konsiyensiya, nakita ko na nagbalik na siya sa normal niyang hitsura. Wala na ang kulubot na

balat, ang makakapal at maiitim na eye bags, ang halos lumuwa na mga mata, ang buhaghag at nakatayong buhok. Maganda na uli siya. Kaya lang, mukhang haggard na siya dahil sa nangyari kanina. Humakbang lang ako nang kaunti palapit sa kanya. Pero ang layo ko pa rin sa kanya.

"May virus siguro dito, Ella, kaya nagbago ang hitsura mo. Bumaba na tayo! Kalimutan na nating birthday ko ngayon! Kailangang madala ka sa ospital. Baka kung ano na 'yan… Baka makahawa ka!"

Malakas ang intuition ko na hindi virus ang tumama kay Ella. Wala lang, iyon lang agad ang unang dahilan na pumasok sa isip ko. Iyon kasi ang mas malapit sa katotohanan. May scientific grounds.

Upset si Ella.

"Virus ka diyan! Wala akong sakit! Hindi ko alam kung ano'ng nangyari sa `kin! Kahit nag-iba na ang hitsura ko kanina, alam ko pa rin ang nangyayari. Parang may ibang kumokontrol lang sa katawan ko. Aalis ka? Tatakasan mo ko? Ganyan ka bang klaseng boyfriend?! Duwag! Walang pakialam sa girlfriend! Malay ko ba kung ikaw ang may sakit at nahawa lang ako sa `yo?!"

Nagmura uli siya—at direkta na ngayon iyon sa akin. Sobrang lutong ng pagmumura na parang lumalatay na sa pagkatao ko. Biglang ang liit ng tingin niya sa akin. Ayos lang. Nauunawaan ko ang hugot niya. Tama naman siya. Ang ipinakita ko kanina ay image ng isang walang kuwentang boyfriend.

Pero sa totoo lang, nakakatakot naman, `di ba? May karapatan akong tumakbo. Kung kagatin niya ako kanina? Kung lapain niya ako?

Okay, hindi ko na lang ipagpipilitan ang katwiran ko. Natapos na rin kasi ang ilusyon ko sa kanya. Kahit maghubad pa siya ngayon at bigyan ako ng permiso na i-explore ng mga kamay at dila ko ang katawan niya, huwag na lang.

Turnoff na.

Kahit ang katotohanan ay magandang babae si Ella, hindi ko maiaalis na ihalintulad na siya ngayon sa isang bangungot. Huminga ako nang malalim, nag-iisip ng next moves. Wala nang dahilan para ituloy ang birthday celebration ko. Patutulugin ko na lang siguro siya sa tent. At ako, doon sa medyo malayo sa kanya. Bukas na lang kami bababa ng bundok, kapag maliwanag na. After that, titingnan ko kung paano makipag-break

sa kanya. Ayoko na. Ganoon lang pala kababaw ang pagmamahal ko sa kanya. Parang alikabok na mabilis na tinangay ng hangin. In short, ang naramdaman ko sa kanya ay mas lust kaysa love.

Hindi nawala ang takot ko na maulit ang pagpapalit ng anyo ni Ella. Paano kung sa susunod ay kaya na niyang mag-sprint? Kailangan ng pag-iingat. Huwag basta maging kumportable sa sitwasyon. Oo, hesitant na akong lumapit kay Ella. Pero kailangan ko pa rin kasi siyang damayan. At this point, she was still my girlfriend. May obligasyon pa rin ako sa kanya. Kailangang masiguro ko na okay siya.

Lumakad na ako pabalik sa kanya.

Pero iniwasan ako ni Ella. Tumalikod siya at kumaripas ng takbo palayo sa akin. Takot siya. Parang sure siya na ako ang dahilan kaya nagpalit siya ng anyo. Madali siyang nawala sa paningin ko. Hindi ko na kailangang makipag-break sa kanya, sa isip ko. Isang malaking sign na iyon na ayaw na rin niya sa akin. Nakabawas iyon sa guilt ko. Pero hindi pa rin ako natutuwa. Nag-aalala pa rin ako sa kanya. Kahit pamilyar si Ella sa ruta sa bundok, hinintay pa rin niya dapat ang umaga bago umalis. Baka kung mapaano siya. Worst, maulit ang pagiging

anyong-halimaw niya.

Hindi ko na siya hinabol. Malamang na maligaw lang ako at baka mapahamak pa. Pagod na ako at kailangan kong magpahinga para may energy ako pagbaba sa bundok.

Tinira ko ang wine.

Happy birthday to me.

Hindi na ako nagpaputok ng kuwitis.

Ang pangit lang ng birthday celebration ko.

Nasa bundok ako. Nag-iisa. At madaling-araw na.

Nagkaroon ako ng time na isipin ang mga nangyayari sa buhay ko. Nasa abroad ang mama ko, nagtatrabaho. Mag-isa lang ako sa bahay. No problem, kaya ko naman na ang sarili ko. Hindi ko na nagisnan ang father ko. Two years old pa lang ako nang mawala siya. Nag-asawa uli si Mama pero namatay rin agad ang napangasawa niya. Naging trauma na kay Mama ang pag-aasawa kaya sa work na lang siya nag-focus—at sa akin.

Wala akong kinalakihang ama. Wala rin akong naging father figure. Hindi ko nakitang kakulangan iyon sa pagkatao ko. Nandiyan si Mama—ang

nanay at naging tatay ko na rin. Ang bait ni Mama. Hindi ko sinasabi ito dahil nanay ko siya. Muntik na siyang maging madre kaya isipin na lang ninyo kung gaano kalinis ang kalooban niya. Lahat ng klase ng pangaral, ibinibigay sa akin ni Mama. In all fairness, lumaki naman ako na reasonable. Ayokong nang-aagrabyado.

Magkasundo kami ni Mama sa maraming bagay. Sa isang bagay lang kami laging may argument—chicks. Ayaw niya na masyado akong mahilig sa babae. Sabi ko naman, sila ang lumalapit sa akin. Sila ang mahilig sa akin. Pinagbibigyan ko lang sila. Tatawa na siya. Para kaming magkapatid ni Mama. Parang magbarkada.

Thankful ako na ipinanganak akong pogi. Hindi ganoon kalaki ang problema ko kapag may gusto akong babae. Ang laki ng advantage ko. Noon. Pero ngayon, kinakabahan na ako dahil sa nangyari kay Ella. Sa dami ng girls na pinatulan ko—na karamihan ay hindi ko naman sineryoso—ay baka may nangkulam na sa akin. Oh wait, hindi naman talaga ako naniniwala sa kulam. What if lang. Besides, na-witness ko nang harap-harapan ang pagbabago ng anyo ni Ella. Hindi pa ba ako maniniwala sa ibang kababalaghan? Ano nga kaya?

Baka nga may sumumpa sa akin—at ipinagbabawal na makipaglapit pa ako sa mga babae. Ginagawang halimaw ang sinumang babae na halikan ko. In effect, inaalisan din ako ng kaligayahan.

*Haaaist*...

Kung tama ang hunch ko, ang kapogian ko ang pinanggagalingan ng sumpa. Eighteen years na ako sa mundo. Ngayon ko lang naramdaman ang pagod sa pagiging pogi. Parang ang bigat nang dalhin ng mukhang ito. Pero hindi kaya kasama iyon sa sumpa?

Tsk. Kung ano-ano na ang naiisip ko. Naubos ko na ang bote ng wine.

Mayamaya ay bigla kong naisip. Kung tama ang mga teorya ko hindi lang pala ang pagiging lapitin ko ng chicks ang naging problema ko.

Mamamatay pa yata akong virgin.

Thank you for reading the sample copy.

You may order the book online at www.preciousshop.com.ph or you may visit any Precious Pages Bookstores located at SM Calamba / SM Dasma / SM Manila / SM Mall of Asia / SM North Edsa / SM Cebu / PPC Pasig / PPC Sto. Domingo.